

Ano ito? Ang tipus ay isang nakamamatay na sakit na dulot ng bakteryang kapag nagkatipus ang mga tao sa U.S., kadalasan ito ay habang naglalakbay sa ibang bansa. Maaaring magsimula ang mga senyales ng tipus 3-60 araw pagkatapos ng impeksyon. Kasama sa mga senyales na ito ang:



Mataas na lagnat



Pananakit ng ulo



Walang ganahan kumain



Pagtitibi o pagtatae




Ubo

Paano ito kumakalat?



Pagkain o pag-inom ng kontaminadong pagkain o tubig



Paghawak ng dumi ng mga may sakit

Sino ang nanganganib na lubhang magkasakit?



Mga nakatatanda (65 taon pataas)



Mga bata (0-5 taong gulang)



Mga taong mahihina ang sistemang imyuno

Paano ko maiwasang ikalat ito sa iba?

Madalas na maghugas ng mga kamay kung ikaw o ang iyong anak ay may sakit at pumupunta sa childcare o nagtatrabaho sa mga kainan, pangangalaga sa kalusugan, o nag-aalaga ng bata, kausapin ang iyong doktor bago bumalik.



Paghahanda ng pagkain



Paggamit ng banyo



Pagpapalit ng mga diaper



Hugasan ang mga kamay

Paano ko maiwasang magkasakit sa labas ng U.S.?



Talakayin sa iyong doktor ang pagbabakuna nang hindi bababa sa 4 na linggo bago maglakbay.



Kainin ang pagkain habang mainit pa.



Uminom ng de-boteng tubig o pakuluan ng 1 minuto ang tubig bago inumin.



Iwasan ang mga prutas at gulay na hindi na kailangang balatan.



Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung sa tingin mo ay may tipus ka. Dapat na uminom ng gamot ang mga may sakit sa lalong madaling panahon. Para matuto nang higit pa, bisitahin ang www.kingcounty.gov/cd.